

DOST-CALABARZON namahagi ng RxBox sa Polillo Group of Islands

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*
Mga larawan mula sa DOST-CALABARZON

Sa ilalim ng programang **Community Empowerment through Science and Technology (CEST)** ng **Department of Science and Technology (DOST)**, nakatanggap ang **limang island municipality ng Polillo Group of Islands ng RxBox devices.**

Dahil sa mahirap na sitwasyon sa isla, nagsimulang mamahagi ang DOST ng RxBox— isang lokal na imbensiyong biomedical device na naglalayong baguhin ang sistema ng healthcare delivery, lalo na sa mga komunidad na kabilang sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas o GIDA. May anim na essential medical sensor ang RxBox, ito ay ang mga: 1) Blood Pressure Monitor; 2) Pulse Oximeter; 3) Electrocardiogram; 4) Fetal Heart Monitor; 5) Maternal Tocometer; at 6) Temperature Sensor.

Sa pamamagitan ng mga built-in sensors na ito, madaling makukuha ang medical signals at data at maipapadala ang impormasyon gamit ang Internet. Sa kabuuan, layunin ng RxBox na malampasan ang geographical boundaries sa bansa at mabigyan ang bawat Pilipino ng access sa essential healthcare services.

“Sa pamamagitan nitong RxBox...mas mabilis yung pag-diagnose sa pasyente... Hindi na kailangang lumuwas o gumastos [ng



Ipinakita ni Jay Villariño, RxBox project assistant ng DOST-CALABARZON, sa medical practitioners ng RHU-Patnanungan kung paano gamitin ang RxBox.

mga pasyente] para lang masigurado na ‘yung kanilang sakit ay may tamang diagnosis,” pahayag ni Dr. Marina Go Ramos, Municipal Health Officer ng Rural Health Unit (RHU) sa Polillo tungkol sa epekto ng mga bagong unit ng RxBox device sa kanilang healthcare delivery at services.

Isa ang RHU ng Polillo sa limang pangunahing health care facility sa isla. Kagaya ng ibang medikal na institusyon, nakakaranas din sila ng ilang suliranin sa pagbibigay-serbisyo, lalo’t nabibilang sila sa mga komunidad na nasa ilalim ng tinatawag na Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDA).

Ayon kay Dr. Paulo Remudaro, isang Doctor of the Barrio ng RHU-Jomalig, dalawa sa pinakamahirap na proseso para sa kanila ay ang diagnosis at treatment, na nagreresulta sa mas maraming komplikasyon o minsan ay pagkamatay pa ng pasyente.

“So for some cases dahil hindi namin ma-diagnose, napipilitan kaming papuntahin sila sa Real or Lucena City na minsan hindi

na nila ginagawa dahil mahal ang pagpunta sa mainland; [considering ang kanilang magiging] pamasaha at cost of living dahil hindi pwede na isang araw ka lang pupunta doon...and unfortunately, marami kaming patients na nage-expire dito dahil hindi sila nakakakuha ng proper treatment, at hindi kami properly equipped para mag-handle ng ganoong cases,” paliwanag ni Dr. Remudaro.

Kaakibat ng pamamahagi ng RxBox, nagsagawa rin ang DOST ng blended (on-site at online) training para sa medical practitioners mula sa limang island municipality sa Polillo (Burdeos, Polillo, Jomalig, Patnanungan, at Panukulan) kung saan ibinahagi ang tamang paggamit ng device. Nagpasalamat naman si Ethel Nakar, public health nurse ng RHU-Panukulan sa tulong ng DOST.

“Maraming salamat po sa DOST sa [aming naging] training at pagbibigay ng unit...sana po ay maibalik namin yung naibigay ninyong RxBox device sa pamamagitan nang maayos na

Mga Nilalaman

Pinalakas ng DOST ang linya ng komunikasyon sa Upper Pulangi, Bukidnon para sa paghahanda sa mga kalamidad	p2
R&D Programs para sa pangangalaga ng kabundukan at suplay ng tubig, inilunsad ng DOST-CAR.....	p3
San Agustin Dairy Project, inilunsad ng DOST-II sa Isabela	p4

Pinalakas ng DOST ang linya ng komunikasyon sa Upper Pulangi, Bukidnon para sa paghahanda sa mga kalamidad

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*
Mga larawan mula sa DOST-X

Umaabot sa 16,000 ang populasyon ng Upper Pulangi District sa lungsod ng Malaybalay sa Bukidnon na kung saan karamihan ay mga Umayamnon at Higaunons ang nakatira rito. Nagsisilbing pangunahing problema sa nasabing lugar ay ang kawalan ng komunikasyon, daan upang maging mabagal ang pag-unlad nito kumpara sa ibang lugar.

Sadyang nililimitahan ang mga cell site tower sa lugar na ito upang mapangalagaan ang seguridad ng lugar kaya naman bihira sa mga residente rito ang mayroong smartphone devices.

Minsan nang binisita ng malalakas na bagyo ang Upper Pulangi na nagresulta sa pagkasira ng mga sakahan, kabahayan, at mga ari-arian. Ang kawalan din ng linya ng komunikasyon ang dahilan kung bakit nahihirapan ang mga rescue team na iligtas ang mga apektadong residente.

Upang tugunan ang mga suliranin sa nasabing lugar, nagtayo ng may taas na 817 na metro na communication system sa Sitio Mahayag ang Provincial Science and Technology Center (PSTC) Bukidnon. Layunin nito na palakasin ang linya ng komunikasyon sa mga piling lokasyon sa Upper Pulangi sa lungsod ng Malaybalay at matugunan ang pangangailangan ng mga lugar na ito sa usapin ng prevention & mitigation, disaster preparedness, disaster response, at recovery and rehabilitation para sa walong barangay na St. Peter, Zamboanggita, Caburacanan, Busdi, Indalasa, Mapulo, Kulaman, at Silae.

Kasama sa itinayong communication system ay ang 120-ft tower at ang pamimigay ng walong heavy-duty handheld radios para sa mga punong barangay. Magkakaroon din ng pagsasanay sa Basic Radio Operation and Registration sa National Telecommunication Commission.

“Dako kayo among pasalamat sa DOST kay kinahanglan kayo ni (mga radio) para dali maka responde ang CDRMO kung nay mga disgrasya diri sa Upper Pulangi. Dugay na kaini nga panginahanglanon ug karon nagamit na gyud namo ni. (Lubos kaming nagpapasalamat sa DOST para sa mga radio unit na ipinagkaloob sa amin kung saan makakatulong ito sa mas mabilis na komunikasyon at responde sa panahon ng kalamidad sa aming lugar. Matagal na naming hinihingi ang mga ito at sa wakas ay nandito na siya.)” paglalahad ni Rubencio Organiza, punong barangay ng St. Peter.

Samantala, nagbigay din ang DOST-Bukidnon ng Basic Disaster Risk Reduction Management (DRRM) kits, Basic First Aid & Emergency Response Training, at two-way handheld radios sa Casisang National High School at Managok National High School.

Ang DRRM kits ay naglalaman ng trauma kit, spine board, triangular bandage, rescue helmet, at padded brand splints. *(Impormasyon mula kay Nova Belle Calotes, DOST-Bukidnon)*



DOST-CALABARZON...

Mula sa pahina 1

paggamit nito,” ani ni Nakar.

Sa kabilang banda, binigyang-diin naman ni Dr. Irina Delos Santos, isang Doctor to the Barrio mula sa RHU-Burdeos kung paano makatutulong ang RxBox sa mga lugar na may limitadong kagamitan. “Malaking tulong po ito sa bayan ng Burdeos, lalo na po sa mga pasyente na hindi kayang magpatingin, pumunta sa malayong lugar o karatig bayan para magpatingin ng kanilang karamdaman,” paliwanag ni Dr. Delos Santos.

Sa kasalukuyan, nasa 18 na RxBox units na ang ipinamahagi sa mga RHUs at ospital sa buong rehiyon ng CALABARZON. Ayon kay Dr. Johnenryk Marcelino, isang Doctor to the Barrio ng RHU-Patnanungan, ang RxBox ay isang “game-changing” na imbensyon para sa healthcare industry sa bansa. Kaya naman, inaasahang darami pa ang mga unit na ipamamahagi sa bansa lalo sa panahon ngayon ng pandemya kung saan isa sa mga prayoridad ang healthcare service. *(Impormasyon mula kina Demee Angelica S. Ludia and Krizzia Mei C. Esperanza, DOST-CALABARZON)*



Pinag-aaralang gamitin ng medical practioner mula sa RHU-Jomalig ang RxBox sa isa sa mga hands-on-training sa munisipalidad.

R&D Programs para sa pangangalaga ng kabundukan at suplay ng tubig, inilunsad ng DOST-CAR

Ni Jerossa Dizon, *DOST-STII*
Larawan mula sa DOST-CAR

Isinagawa ng Department of Science and Technology – Cordillera Administrative Region (DOST-CAR) ang Launching and Orientation para sa dalawang DOST Research and Development (R&D) Programs sa CAR noong ika-8 ng Hunyo 2021.

Layunin ng dalawang programa na makatulong sa pangangalaga ng kabundukan sa rehiyon sa gitna ng mga kalamidad at tiyakin ang sapat na suplay ng tubig at kahandaan sa pagsapit ng masasamang panahon at pagbabago ng klima sa mga komunidad sa kabundukan ng Cordillera.

Ang unang programa na tinawag na, “Program Boondock: A Mountain Engineering Center Towards Sustainable Infrastructure and Upland Water Security”, ay nabuo sa pagtutulungan ng DOST-CAR katuwang ang University of the Cordilleras (UC), Kalinga State University (KSU), Saint Louis University (SLU), at ang Watershed and Water Resources Research, Development and Extension Center (WWRRDEC) – isa sa mga Research Centers ng Department of Environment and Natural Resources – Ecosystems Research and Development Bureau (DENR-ERDB).

Ang Program Boondock na pinondohan ng DOST Science for Change Program (S4CP) Niche Centers in the Regions (NICER) para sa R&D ay inaasahang makapagsasalba ng aabot sa halagang isang bilyong piso ng maaaring maging pinsala sa mga imprastraktura bunsod ng pagguho ng lupa at matinding pagbaha sa loob ng tatlo hanggang limang taon at

makapagligtas din ng maraming buhay.

Ang R&D center na ito, na pangalawang programa ng NICER sa CAR (ang una ay ang Potato Research and Development Center ng Benguet State University noong 2019), ay magkakaroon ng kabuuang pondo na Php62-M at target na taasan ang produksyon sa agrikultura ng 20% at magbigay ng sustenableng mapagkukunan ng tubig.

Mula noong 2017, 35 NICER na ang naitatag sa 17 rehiyon sa buong bansa, na nagkakahalaga ng Php1.7-B, na ginawa upang suportahan ang mga hakbangin sa R&D ng bansa.

Inaasahan naman sa ikalawang programa na, “Ensuring Water Security and Climate-Resilience for Mountain Indigenous Communities of the Cordillera through Technology-enhanced Decision Support Tools” na makapaghahatid ito ng malinis, ligtas at sapat na suplay ng tubig sa mga komunidad sa kabundukan lalo sa panahon ng tagtuyot.

Ang programa ring ito na pinondohan

naman ng DOST – National Research Council of the Philippines (NRCP) at naisakatuparan sa pagtutulungan ng DOST-CAR, Mountain Province State Polytechnic College (MSPSC) at University of Cordilleras (UC) ang magbibigay ng mga kinakailangang datos at impormasyon upang suportahan ang mga hakbang para sa pag-unlad at pagpapaganda ng mapagkukunan ng suplay ng tubig na kayang manatili sa kabila ng pabago-bagong klima para sa pangangalaga ng mga ilog at watershed ng Cordilleras.

Sa pamamagitan ng dalawang programa, inaasahan na malaki ang maitutulong nito sa pagtugon ng R&D sa mga natural na kalamidad sa rehiyon at maraming mapoprotektahang buhay, kabuhayan, at likas yaman sa Cordillera.

Samantala, kasabay ng launching ay nagkaroon din ng press conference kasama ang Philippine Information Agency (PIA-CAR) at lokal na media na dinaluhan ng mga stakeholders ng parehong programa kabilang ang academe, line agencies at local government units (LGUs): provincial government units ng Apayao, Benguet, Ifugao, Kalinga, Mountain Province; at municipal government units ng Sallapadan, Abra; Itogon, Tuba, Tublay, at La Trinidad, Benguet; Baguio City; Banaue, Ifugao; Tabuk City at Tinglayan, Kalinga; at ang Bontoc at Bauko, Mountain Province. (Impormasyon mula kay Christian Robert Sandoval, DOST-CAR)



San Agustin Dairy Project, inilunsad ng DOST-II sa Isabela

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII



Para paigtingin ang community-based dairy enterprise development, inilunsad ng Department of Science and Technology (DOST) Region II sa pamamagitan ng Provincial Science and Technology Center – Isabela, katuwang ang Local Government Unit (LGU) ng San Agustin, ang San Agustin Dairy Project noong 04 Hunyo 2021.

Ang bayan ng San Agustin ay isa sa mga komunidad na tinutulungan ng DOST sa Rehiyon 2 sa pamamagitan ng programa nitong Community Empowerment through Science and Technology o CEST. Kilala ang naturang bayan sa pagkakaroon ng mataas na marka para sa crossbreeding ng mga kalabaw kaya naman tinatawag rin itong “Crossbred Carabao Capital of the Philippines” ng mga magsasaka nito.

Ang San Agustin Dairy Project ay itinayo upang paunlarin ang iba’t ibang gawaing pang-economic enterprise na may kinalaman sa pagprodyus ng dairy milk sa Isabela. Pangunahing layunin nito na gawing progresibo ang mga magsasaka na hindi lang sila tumutok sa pagpapalaki ng mga kalabaw kundi mabigyan rin ng pagkakataon na pasukin ang negosyo ng paggagatas.

Sa ilalim ng proyekto ay may inilaang P150,000 para sa pagpapaunlad at pagdebelop ng mga pabalat at disenyo ng mga produkto na pasok sa mandatory standards ng Food and Drug Administration. P340,000 naman ang inilaan para sa transport packaging materials and technology on product upgrading at kaukulang S&T trainings.

Samantala sa kanyang talumpati ay nagpahayag si DOST Secretary Fortunato T. de la Peña ng taos-pusong suporta para sa proyekto at nawa’y magsilbi itong paalala at inspirasyon sa tuloy-tuloy na paghahatid ng serbisyo para sa bayan.

“May our services be done out of love and reverence for our country and our fellow Filipinos. Our CEST program exists for this and as the years go by, let us continue to push this program forward in order to reach more communities in our country,” dagdag pa niya.

Binigyang-diin naman ni DOST II Officer-in-Charge at ngayo’y DOST Undersecretary for Regional Operations Sancho A. Maborang ang ginagampanang papel ng DOST para sa development at enhancement ng market competitiveness ng local dairy produce sa komunidad.

“To solve these problems, we must first understand the communities they are in and what S&T intervention should we give to them. As a government agency, DOST aims to focus more on providing comprehensive technical, livelihood, and scientific assistance to our communities,” ani Usec. Maborang.

Nagpaabot rin ng pasasalamat si San Agustin Dairy Cooperative (SADACO) Chairperson Engr. Blas V. Lamug Jr. sa DOST II para sa tulong na ibinigay sa kanila at sinigurong ang tulong na ibinigay ay tiyak na magagamit upang tulongan ang mga magsasaka sa kanilang komunidad.

Kasama rin sa naturang pagtitipon sina PSTC Provincial Director Luco Calimag, San

Agustin Municipal Mayor Larry Mark Guerrero at kanyang kinatawan na si Dr. Franklin T. Rellin, na retired center director ng Philippine Carabao Center o PCC.

Nagpaabot rin ng pagsuporta sina Isabela Governor Rodolfo T. Albano III at ang kanyang kinatawan na si PCC R02 Director Dr. Rovina Pinera, LPGMA Partylist Office Representative Allan Y. Ty, at 4th District Representative ng Isabela na si Congw. Sheena Tan-Dy. (May impormasyon mula kay Dave Masirag, DOST-Reg.II)

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist/Photo Editing

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

FERDINAND M. CARTAS
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.